**KAPASIYAHAN BILANG 92 - 07**

**KAPASIYAHAN NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA NA NAGBIBIGAY PAHINTULOT AT KAPANGYARIHAN SA PUNONGBAYAN IGNACIO R. BUNYE NA PUMASOK SA ISANG KASUNDUAN SA BMG TRADING HINGGIL SA PAGTATAYO NG PAMPUBLIKONG PALIKURAN SA BARANGAY ALABANG.**

*****************************************************************

**Ipinanukala ni: KONSEHAL LUCIO B. CONSTANTINO**

*****************************************************************

**SAPAGKAT,** ang isa sa pangunahing serbisyong nararapat na ipagkaloob ng Pamahalaang Bayan ay ang pagpapanatili ng kalinisan, disiplina at pangangalaga ng kalusugan ng mga nasasakupan nito;

**SAPAGKAT,** ang pagpapatayo ng pambayang palikuran ay isa sa mabisang hakbang upang maisakatuparan ang adhikaing ito;

**SAPAGKAT,** ang proyektong ito ay makatutulong sa kagalingan ng barangay na pagtatayuan nito at magsisilbing isang malaking pagmumulan ng kita di lamang ng pamahalaang bayan kundi maging ang mamamayan na rin nito;

**SAPAGKAT,** sa ngayon ay salat ang kasalukuyang kalagayan ng pananalapi ng pamahalaang bayan upang maisagawa ang mga ganitong proyekto;

**SAPAGKAT,** ang BMG Trading ay may magandang alok na kapaki-pakinabang at makabubuti sa magkabilang panig lalong higit sa panig ng pamahalaang bayan.

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na bigyan ng kapangyarihan ang Punongbayan Ignacio R. Bunye na pumasok sa isang kasunduan sa BMG Trading hinggil sa pagtatayo ng pampublikong palikuran sa Barangay Alabang.

**PINAGPASIYAHAN PANG MULI** na ang isasagawang kasunduan sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa at BMG Trading ay magdadaan sa pagsusuri at pag-aaral ng Sangguniang Bayan para sa kaukulang pagpapatibay.

**PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA** ng lahat ng mga Kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang ika-6 na regular na pulong na ginanap ngayong ika-10 ng Agosto, 1992 sa Session Hall ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



**PINATOTOHANAN:**

**Kgg. ROGER C. SMITH**
Pansamantalang Pinunong Tagapangulo

**SINANG-AYUNAN:**

KGG. ROMAN E. NIEFES
KGG. MELCHOR R. TEVES
KGG. NOLASCO L. DIAZ
KGG. ERNESTO A. CARUBIO
KGG. RUFINO B. JOAQUIN
KGG. DANTE S. ALMARIO
KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
KGG. REY E. BULAY
KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
KGG. VICENTE Y. CHUA

**PINATUTUNAYAN :**

**PETER B. SALONGA**
Pambayang Kalihim

**PINAGTIBAY:**

Mggl. **IGNACIO R. BUNYE**
Punongbayan

**PINAGTIBAY:** Agosto 10, 1992